## III - 3 Tubig o Water Supply (*Suidoh*)

Naiinom ang tubig na galing sa gripo sa Japan, pati sa Osaka prefecture. Matapos makalipat sa bansang Hapon, agad na mag-apply para magamit ang tubig sa inyong bahay.

### 1. Pagpapakabit ng Tubig

Karaniwa'y may kard na nakalagay o nakasabit sa inyong pintuan para sa pagpapakabit ng tubig. Itawag sa Waterworks Department (Bureau) ang numerong nakasulat sa kard (*Shiyosya Bangoh*). Matapos tumawag ay may magpupuntang empleyado ng kumpanya ng tubig para buksan ang tubig. Pinakamatagal na ang 4 na araw na aabutin mula sa araw ng pagtawag hanggang sa mabuksan ang tubig, kaya't makabubuting mag-aplay nang maaga. Sa mga umuupa sa mga condominium o apartments, ang mga mag-aasikaso ng pagbabayad ng tubig ay maaaring di umuupa kundi ang may-ari o ang tagapangasiwa ng building.

### 2. Bayad sa Tubig

Ang bayad sa tubig ay binubuo ng basic fare at ng halaga ng nagamit (dami) na tubig. Ang bill o kuwenta ay kadalasang pinapadala isang beses kada dalawang buwan sa pamamagitan ng koreo. Magkasamang kukuwentahin ang bill para sa dalawang buwan. Maaaring bayaran sa tanggapan ng munisipyo, diretsong pagbawas (*hikiotoshi*) sa account, pagpapadala sa bangko, post office o convenience store (depende sa munispyong kinabibilangan). Dapat tandaan na ang hindi pagbayad ng tubig ay maaaring ikaputol o ikahinto ng serbisyo nito.

Kung mayroong imburnal sa inyong lugar, kasama din sa kuwenta ang bayad para sa paggamit nito. Sa mga apartment o kondominyum, karaniwan ay ang samahang administrasyon o may-ari ng gusali ang magkuwenta at hihingi bayad.

### 3. Dapat Tandaan sa Taglamig

Sa malamig na araw sa panahon ng taglamig ay maaaring magyelo ang tubo ng tubig at ikasira nito. Ang pagpapatulo ng tubig sa gabi ay isa sa mga hakbang na dapat gawin.

### 4. Kung Lilipat ng Bahay

Kung lilipat ng bahay, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Waterworks Department (Bureau) tungkol dito.